


# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

## HANDOG KALUSUGAN *ng gatas kalabaw*

ISSN 2507-8933
Tomo 7, Blg. 4 | 2022
Pang-apat na Isyu

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Tomo 7, Blg. 4 | 2022
Pang-apat na Isyu

PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RHEA MAE B. RUBA, RONALINE C. CANUTE
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, RHEA MAE B. RUBA
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.

**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053) 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com

## MGA NILALAMAN


3 Dating minamaliit, ngayo'y bantog at multi-milyonaryong koop

8 Sinubok pero 'di sumuko

10 May pag-unlad sa patak: Ang patotoo ng KARBenA

14 Walk the talk

16 Tanglaw ng pag-asa sa Cagayan




### PALIWANAG SA PABALAT

Maliban sa pagsugpo ng kahirapan, malaki rin ang ginagampanan ng gatas ng kalabaw para mabawasan ang malnutrisyon sa bansa. Sa katunayan, milyun-milyong mga bata sa buong bansa ang naging benepisyaryo ng milk feeding program ng DepEd at DSWD ngayong taon, na kung saan kabilang sa mga suppliers ng gatas ang mga inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC.

(LARAWANG KUHA NI **ROWENA GALANG-BUMANLAG**)



# Dating minamaliit, ngayo'y BANTOG AT MULTI-MILYONARYONG KOOP

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**

MGA LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**

Sino'ng mag-aakala na ang kooperatibang minamaliit, kinukutya, pinagtatawanan, at binabato ng mga masasakit na salita noon ay uunlad at magiging tanyag hindi lang sa bayan ng Asingan kundi sa buong lalawigan ng Pangasinan?

Nagsimula lang sa puhunan na PHP10,000, ngayon ay milyun-milyon na ang assets nito na nakaimpok sa banko. Patuloy ding dumarami ang bilang ng mga miyembrong nabebenepisyuhan nito na umabot na sa 234 na dati'y 25 miyembro lang.

Ang kanilang sikreto? Sa kabila ng mga mapapait na karanasan na kanilang pinagdaanan, wala sa kanilang bokabularyo ang pagsuko. Sa halip na ituring na hadlang ang mga pagsubok, nagsilbi itong hagdan para maabot nila ang tinatamasang tagumpay sa kasalukuyan.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

> “Taong 1973 nang maitatag ang kooperatiba namin na pinamumunuan noon ng hindi marunong bumasa at sumulat. Pati ang mga naunang miyembro ay hindi rin nakatapos ng pag-aaral. Ang tingin ng iba sa koop ay walang mararating.”

**ROLLY MATEO SR.**

Kasalukuyang Chairperson BSNMPC, Asingan, Pangasinan



Ito ang kwentong tibay at tagumpay ng Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative (BSNMPC) sa Asingan, Pangasinan.

**Kwentong tibay**

Sariwa pa sa alaala ng mga miyembro ng BSNMPC ang mga matitinding pagsubok na kanilang kinaharap noong nagsisimula pa lang ang kanilang kooperatiba.

“Taong 1973 nang maitatag ang kooperatiba namin na pinamumunuan noon ng hindi marunong bumasa at sumulat. Pati ang mga naunang miyembro ay hindi rin nakatapos ng pag-aaral. Ang tingin ng iba sa koop ay walang mararating,” pagbabalik-tanaw ni Rolly Mateo Sr., kasalukuyang chairperson ng BSNMPC.

“Pinagtatawanan nila kami. Wala raw kaming pakinabang at ang bansag pa nila sa’min ‘Bantog Masamang Nayon’,” sambit ng isang miyembro.

“Mababa ang tingin nila sa amin dito sa community kasi siguro dahil mahirap lang kami,” saad ng isa pa.

Sa pagpapatuloy ng kooperatiba, sumubok sila



> “**Nakapagbigay tayo ng trabaho sa 116 na empleyado dito sa ating kooperatiba. Hindi natin masyadong naramdaman ang pandemya dahil mayroon tayong pinagkukunan ng kita sa araw-araw.”**
>
> **ROLLY MATEO SR.**

ng iba’t ibang negosyo kagaya ng organic fertilizer, fishing, at marami pang iba nguni’t hindi rin nagtagumpay.

Kwento ni Rolly, may mga ilang ahensya ang nagbigay ng suporta sa koop pero hindi rin umusad dahil aniya hanggang simula lang ang assistance sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit naging mailap ang BSNMPC sa pagtanggap sa mga proyektong inaalok sa kanila.

Taong 2005 nang mag-alok ang DA-PCC ng proyekto sa kooperatiba ukol sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw sa pangunguna ng dating center director ng DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DMMMSU) na si Gloria Dela Cruz.

“Noong una, ayaw namin tanggapin kasi sabi ko nga baka parang tulad lang din ng dati na sa halip na makatulong ay mas lalo pa kaming nalubog. Pero sabi ng DA-PCC, iba sila magtrabaho. Nagtiwala kami at pinatunayan nila na iba talaga silang magtrabaho. Iyong DA-PCC pala ang pag-asa ng koop namin,” nakangiting sambit ni Rolly.

Napagkalooban ng 25 gatasang kalabaw ang kooperatiba nguni’t kagaya ng karamihan na nagsisimula pa lang sa bagong negosyo hindi naging madali ang lakbayin ng BSNMPC sa pagkakalabawan. Isa sa naging problema nila ay ang kawalan ng merkado sa kanilang aning gatas hanggang sa napapanisan na sila ng produkto. May mga panahon din na umaayaw na ang ibang mga miyembro dahil sa iba’t ibang mga kadahilanan.

Dahil sa taglay na tibay at pagsisikap na makahanap ng merkado, pati na rin ang solidong

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA




# BANTOG
## Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative



suporta ng DA-PCC dito, nalampasan nila ang mga hamong ito.

> **Bakas na ang pag-unlad ng kooperatiba gayundin ang mga miyembro nito. Ani Rolly, malaking progreso ang makikita sa pamumuhay ng mga miyembro. Napag-aaral na nila ang kanilang mga anak nang hindi masyadong namomroblema sa pinansyal at nakapagpupundar na rin.**
>
> **Dahil sa kinikita, nakapagpundar na ang koop ng dalawang sasakyan na ginagamit pandeliver ng gatas, anim na ektaryang lupa, at marami pang iba. Sa kasalukuyan, nasa 400 ang imbentaryo ng kalabaw na inaalagaan ng mga miyembro ng koop.**

**Kwentong tagumpay**

Makalipas ang ilang taong pagtitiyaga at pagsusumikap, umarangkada ang negosyong paggagatasan ng BSNMPC nang mapabilang sila na maging supplier para sa milk feeding program ng Department of Education sa ilalim ng RA 11037 o Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act.

Mula 2019 hanggang 2022 na feeding cycles ay nakapagsupply ito ng 10,233,967 pakete ng gatas ng kalabaw para sa mga batang benepisyaryo ng programa sa buong Pangasinan na kung saan nagkaroon sila ng kabuuang kita (gross income) na PHP194,008,043.

Maliban sa gatas, nagsupply din ng Karabun, isang tinapay na may sangkap na masustansyang gatas ng kalabaw, ang koop. Nasa 6,438,567 piraso ng Karabun ang naipamahagi ng BSNMPC sa mga benepisyaryo ng feeding program ng DepEd noong 2020 hanggang 2022. Ito ay may katumbas na kita na PHP66,587,966.

"Napakapalad po namin kasi 'yong technology ng DA-PCC ay ibinabahagi po nila sa'min," ani Rolly.

Ayon kay Rolly, malaking biyaya na mapili sila bilang supplier para sa feeding program lalo na at laganap pa rin ang pandemya, na labis na nakaapekto sa kabuhayan ng maraming Pilipino.




Ang BSNMPC rin ang namamahala sa Dairy Box outlet sa Asingan na kung saan mabibili ang iba't ibang mga produktong gatas na ipinoproseso ng koop kagaya ng pasteurized milk, chocomilk, yogurt (strawberry flavor, blueberry flavor, at mango flavor), lacto juice, pastillas, espasol at kesong puti.

Plano ng BSNMPC na magproseso ng karne ng kalabaw sa susunod na taon bilang dagdag na pagkakakitaan dahil marami rin silang lalaking kalabaw na pwedeng patabain at katayin. Maliban dito, nakaplano rin ang pagkakaroon nito ng pabahay na itatayo sa nabiling lupa bilang tulong sa ibang mga myembrong walang mapagtayuan ng bahay.

Malaki ang pasasalamat ng mga kasalukuyang miyembro ng kooperatiba sa mga naunang mga miyembro na nagtiyaga at hindi bumitiw sa kabila ng mga hamong pinagdaanan, gayundin sa mga ahensya ng gobyerno na patuloy na umaagapay. Sila ang nagsilbing matibay na pundasyon kung kaya't sa dulo ng madilim na lagusan ay nasilayan ng kooperatiba ang liwanag ng tagumpay. Ⓚ



# Sinubok pero ‘di sumuko

NI **RHEA MAE RUBA**
MGA LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**

**Ilang beses mang subukin ang tatag ng isang samahan, hindi mapipigilan ang iginuhit ng tadhana para sa kanyang kapalaran. Sabi nga: bumagsak ka man ng pitong beses, may pagkakataon kang tumayo ng walong beses o makailang ulit pa.**

Ito ang ipinakitang determinasyon ng isang kooperatibang nagnais na bumangon mula sa matagal na pagkakabagsak. Hindi naging hadlang ang mga hamong nagdaan para magsimulang muli at maisakatuparan ang kanilang mga pangarap.

Sa bayan ng Muñoz, lalawigan ng Nueva Ecija, na itinuturing na sagana sa siyensya at teknolohiyang pang-agrikultura, malaking oportunidad para sa isang lupon ng mga magsasaka na magtayo ng kooperatiba na noo’y tinawag nilang Licaong Dairy Producers Cooperative (LDPC), taong 2004.

Sa kabila ng natatanaw na pag-asa, hindi naging sapat ang pagsisikap ng mga sinaunang bumuo ng LDPC para tuluyang umunlad ang kanilang isinusulong na proyekto. Sa kabila ito ng suportang ipinagkaloob ng DA-PCC mula sa pagbibigay ng mga gatasang kalabaw at mga paunang kagamitan at makinarya para mapasimulan ang proyektong paggagatasan. Dahil dito, unti-unting tinabangan ang mga miyembro ng kooperatiba dahilan upang patuloy na manghina ang kanilang negosyo at halos maubos ang mga natitira pang miyembro nito.

Nguni’t sa kabila ng nakapanlulumong kalagayan noon ng LDPC, may matitiyagang pinili na manatili sa kooperatiba at nanindigan para sa kanilang mga nasimulan at tungkuling sinumpaan.

Gaano man kabagal at kahirap ang mga sumunod nilang hakbang, sinuong nila ang proseso ng muling pagbangon sa gitna ng mga negatibong puna ng ibang tao. Sa halip na igupo ay lalo silang pinatibay ng mga pinagdaanan. Sa isip at puso nila, buo ang larawang balang-araw ay magiging dangal sila ng barangay Licaong.

Noong 2019, pinagsumikapan ng mga natitirang miyembro na muling mairehistro ang kooperatiba sa Cooperative Development Authority (CDA). Bininyagan nila ng bagong pangalan ang kooperatiba na ngayon ay kilala na bilang Licaong Agriculture Cooperative (LAC).

Sa taon ding ito, nabalitaan ng dating executive director ng DA-PCC na si Libertado Cruz ang

pinagdadaanan ng kooperatiba kaya naman minabuti niyang tulungan ang muling pagbangon nito. Bukal sa puso niyang tinanggap ang responsibilidad bilang business manager nito o tagapamahala ng negosyo.

Gamit ang kaalaman at kasanayan ni Cruz sa larangan ng carabao-based enterprise development, pinangunahan niya ang pagpapalago sa puhunan ng LAC. Sa pakikiisa na rin ng iba pang miyembro ng kooperatiba, muling naibalik ang sigla ng LAC sa larangan ng pagkakalabawan. Sa pamumuno ni Alexander Dumale bilang chairperson at mga miyembro ng Board of Directors, isa na ngayong matibay na pwersa ang LAC na may iisang direksyong tinutungo.

Sa huling buwan ng taong 2019, matagumpay na pinasok ng LAC ang milk feeding program sa pamamagitan ng DepEd at DSWD. Suplayer ang kooperatiba ng gatas ng kalabaw sa mga eskwelahan sa iba't ibang probinsya ng Rehiyon III, kabilang na ang Bulacan, Pampanga, Tarlac, Aurora, at Nueva Ecija.

Nagkaroon din ng ugnayan ang LAC sa San Miguel Corporation (SMC) para naman sa pagpoproseso ng gatas ng kalabaw sa lata o tinatawag na milk sterilization. Sa tulong ng teknolohiyang ito ng SMC, mula sa pitong araw lang na itatagal ng gatas ay lalawig ito sa tatlo hanggang anim na buwan. Bunga nito, lalawak ang merkado para sa gatas ng LAC bukod sa maaari na nitong suplayan ang malalayong lugar.

Sa pagbalik ng sigla ng LAC, nagbalik din ang sigasig ng mga miyembro nito sa mga gawain at negosyong paggagatasan. Naging maugong ang magandang takbo ng kooperatiba kung kaya't maraming dating miyembro ang nagsibalik at maraming magsasaka ang nagpakita ng panibagong interes sa pagkakalabawan.

Sa ngayon, mayroon nang 55 miyembro ang kooperatiba at nadaragdagan pa.

Ani Dumale, iminumulat ng pamunuan ng LAC sa mga miyembro nito ang kahalagahan ng pagtangkilik at pagmamahal sa pagkakalabawan bilang tamang pundasyon para sa maalab na negosyong pagkakalabawan at sa kalaunan ay para pagbuklurin ang mga mamamayan sa kanilang lugar. Wala aniyang kompetisyon sa kanilang samahan kundi turingang magkakapamilya na bukas sa pagtulong at hangad ang pag-unlad ng bawa't isa.

Noong 2020, nakapagpundar na ang kooperatiba ng sarili nitong lupa na may sukat na 200 metro kwadrado na nagkakahalaga ng PHP200,000. Dito rin itinayo ang opisina ng koop. Kabilang din sa mga naipundar na nito ang tatlo pang lupaing mayroong sukat na 1,000 metro kwadrado na may halagang PHP1 milyon, 2,986 metro kwadrado na PHP1.2 milyon, at 2,700 metro kwadrado na PHP1.5 milyon. Idagdag pa ang mga nabili nitong iba't ibang sasakyan para sa delivery ng gatas at iba pang produkto at serbisyo nito.

Nakapagpatayo na rin ang LAC ng tindahan nito, ang Licaong Agri-Vet Supply, para sa murang suplay ng mga produktong pang-agrikultura at beterinaryo. Ayon kay Cruz, isang serbisyo ito ng koop para sa mga taga-Licaong at karatig-barangay.

Sa tingin ng marami, lalo na ng mga miyembro ng koop na siyang nakararanas ng mga biyaya ng pagkakalabawan, nagbunga na ang kanilang pagtitiyaga at paghihintay para sa pagpapanibagong-sigla ng kooperatiba. Mula sa puhunang PHP18,000 nang magsimula ito, aabot na sa humigit-kumulang PHP15 milyon ang assets ng LAC.

"Maituturing namin na ang pagkakalabawan ay game-changing. Dati nakalulungkot marinig sa aming mga kasamahan ang puro problema kung paano sila makababayad sa kanilang mga pagkakautang. Ngayon, nakatutuwang marinig na ang kwentuhan ay tungkol na sa kung paano nila mas palalaguin pa ang kanilang mga kinita at kung anong mga bibilhin o mga ipupundar pa sa susunod nilang kikitain. Sabi ko nga: aba'y mas magandang problema 'yan!" nakangiting sabi ni Dumale.

Sinubok man ng nakaraan, patunay ito na hindi sa paglubog itinadhana ang LAC kundi sa pagsulong at pagsikat—kapalarang sila rin mismo ang guguhit.



# May pag-unlad sa patak
# Ang patotoo ng KARBenA

NI **RONALINE CANUTE**



**Biyaya kung ilarawan ng Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBenA) sa City of Mati, Davao Oriental ang kalabaw dahil simula noong tanggapin nila ang mga ito sa kanilang bulwagan ay bumuhos ang maraming biyaya sa kanila.**

Sa salaysay ni KARBenA Chairperson Rhodora Datar, nagkaroon ang kanilang miyembro ng matinding diskusyon kung tatanggapin nila ang 50 kalabaw na galing sa DA-PCC. Ang dahilan nila, walang tubig na ipapainom sa mga ito.

Matagal nang idinadaing ng mga taga-Sitio Kalaparan ang pagkakaroon ng bastanteng suplay ng tubig. Kailangan pa kasing maglakad ng tatlong kilometro ng mga tagaroon araw-araw para mag-igib ng tubig na panligo at panlaba.



Kaya't  noong inalok sila ng DA-PCC at University of Southern Mindanao (DA-PCC at USM) ng kalabaw, nagdalawang-isip sila kung tatanggapin nila ang proyekto.

Nang nagkakagulo na ang lahat, bilang pinuno ng samahan ay tumayo si Rhodora at hinikayat ang kanyang mga kasama na suportahan ang kanyang desisyon.

"National project ito. Naniniwala ako na kapag tinanggap natin ito ay masasagot ang problema natin sa tubig. Kung may kalabaw, bibigyan tayo ng gobyerno ng tubig na ipapainom sa mga ito. Tanggapin na natin," lakas-loob na panghihikayat niya sa mga miyembro.

Puno ng pag-asa ang linyang binitiwan ni Rhodora na kaagad na nagpalambot sa puso ng mga miyembro ng koop kaya kahit may pag-aalinlangan ay sinuportahan siya ng mga ito.

"Pagkatapos noon, nagdasal ako sa Diyos na sana tama ang aming naging desisyon at sana gabayan Niya ang aming asosasyon," ani Rhodora.

**Sagot sa panalangin**

Ang panalangin ni Rhodora at ang matagal nang idinadaing ng Sitio Kalaparan ay dininig at sinagot ng kalangitan. Isang taon matapos tanggapin ang mga kalabaw ay sunud-sunod na pinto ng pagbabago ang nagbukas sa kanila.

Sa pangunguna ni City of Mati Mayor Michelle Marie Denise Rabat, napondohan ng LGU ang pagkakaroon ng tubig sa Kalaparan. Kaya't matapos ang napakahabang panahon ay tumulo ang unang patak ng tubig sa bawa't tahanan doon.

Pinangarap ni Mayor Rabat na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang lungsod ng Mati. Nais niya na maliban sa mga magagandang bundok at karagatan na dinarayo ng mga turista ay makilala rin ang kanilang bayan sa mga masasarap na pagkain na babalik-balikan sa Mati.

Agrikultura ang pangalawa sa tatlong programa ni Mayor Rabat. Noong nag-aalok ang DA-PCC ng proyekto, sinigurado niya na ang magiging beneficiaries ay mga farmers at ang napili nga ay ang KARBenA. Ang Sitio ay kabilang din sa mga lugar na binabantayan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Nang mabigyan ng kalabaw at maayos ang patubig sa Kalaparan, ang sumunod na palaisipan ay kung paano iproseso ang gatas at kung saan nila ito ibebenta maliban sa Dairy Box.

"May Nenie's ice cream ang Mati. Kinausap ko sila. Ang sabi ko, I will support you but in one condition, kailangang bilhin mo ang gatas mula sa mga dairy farmers natin sa KARBenA," pagkukwento ni Mayor Raba.

Nagtalaga rin si Mayor Rabat ng tao kada barangay upang tutukan at imonitor ang araw-araw na gawain ng mga magsasaka. Ito'y upang masiguro na magtutuluy-tuloy ang mga gawain para sa proyekto.

Nagbigay siya ng pagsasanay sa food processing sa KARBenA at naglaan din siya ng pondo para mabigyan ng technical training ang anak ng mga kasapi.

"Ang puso ni Mayor ay para talaga sa mga farmers. Lagi niyang sinasabi sa amin na kapag dumating ang araw na kaya na naming tumayo sa sarili naming mga paa, pwede na niya kaming iwan," sentimental na pagkukwento ni Rhodora.

Nang mawala si Mayor Raba sa pulitika noong 2013, nagtayo siya ng negosyong kainan na tinawag niyang Chiangi's sa lungsod. Pumatok ito sa mga panindang cake, ice cream,

SUNDAN SA SUSUNOD
NA PAHINA




> “We don’t want to lose our farmers. Sinong papalit sa kanila? I want the young generation to appreciate agriculture at tulungan na i-sustain ito.”

**MICHELLE MARIE DENISE RABAT**
Mayor
City of Mati, Davao, Oriental

pastillas, leche flan, flavored drinks, at iba pang produkto na may halong gatas ng kalabaw.

Nang palarin siyang manalo noong 2019, tinrabaho niya ang kanyang pangarap noon para sa Mati na dumaloy ang gatas sa kanilang lungsod.

**Ang unang patak**

Kung babalikan ang kalagayan ng KARBenA noon, malaking pagbabago na ang naganap sa koop simula nang dumating ang gatasang kalabaw.

Naitatag ang KARBena noong 2009 na may 17 miyembro. Bawa't isa sa kanila ay nag-ambag ng tig-PHP300 para sa pag-uumpisa ng isang grocery store. Taong 2013, nagkaroon sila ng re-organisasyon at pinasok na rin nila ang lending.

> **Simula nang maggatas ang mga miyembro ng KARBena noong 2021 ay kumita ang asosasyon ng PHP350,000.**
>
> **Maliban dito, kapansin-pansin din ang pagbabago sa buhay ng bawa't miyembro katulad na lang ni Bingbing Paha na may pinag-aaral na mga anak. Hindi na niya problema ang baon at gamit sa eskwela ng mga ito dahil sigurado na ang kita niya mula sa kalabaw.**

Ang natatanging pinakabatang nagbahagi ng pagnanais na maranasan ang paggagatas ay ang 14 na taong-gulang na si John Lloyd Barbas. Nakasampa pa siya sa likod ng kalabaw nang datnan namin sa sitio. Aniya, naiinip na siyang gatasan ang alagang kalabaw ng kanyang tatay para may pambaon na siya sa eskwela.

Nagbigay din ng kanya-kanyang kwentong tagumpay ang iba pang kasapi ng KARBenA na sina Santiago Balwit, Grace Gatar, Delia Sargelio, at Minda Barbas. Lahat ng mga kwentong kanilang ibinahagi ay patungkol sa mga banepisyong kanila nang natamo dahil sa pagkakalabawan.

**Pasasalamat**

Noong Oktubre 22-29, 2022 ay ipinagdiwang ng City of Mati ang ika-22 Sambuokan Festival at ikalawang Abunda Festival. Tampok sa kaganapang ito ang "Kabaw sa Kadalanan" o parada ng mga kalabaw. Lulan ng mga ito ang iba't ibang ani ng mga barangay sa Mati.

Ang Sambuokan ay nangangahulugang pagkakaisa at ito ay ipinagdiriwang bilang isang paraan ng pasasalamat para sa magandang pagpapala ng masaganang ani.

Ayon kay Mayor Rabat, magiging regular na bahagi ng Sambuokan ang "Kabaw sa Kadalanan" dahil maganda itong oportunidad na ipromote ang paggagatasan at mga gawaing pang-agrikultura sa bayan. Kasabay nito ang pagiging regular din ng Carabao Development Program sa mga pangunahing programang susuportahan ng lokal na pamahalaan ng Mati.



# WALK THE TALK

NI **ROVELYN JACANG**



**Upang makahikayat ng mga magsasaka sa kanilang lugar sa Mabalor, Ibaan, Batangas na subukan ang pag-aalaga ng kalabaw, ang mag-asawang Dr. Luinito at Ruena Caguimbal ang siyang  gumagawa ng unang hakbang upang maipakita sa kanilang mga kabarangay na ang kalabaw ay maaaring gatasan at gawing hanapbuhay.**



Noong 2014 sinimulan nina Doc Lui at Ruena na bumili ng gatasang kalabaw. Iyon din ang panahong wala pang interes sa pagkakalabaw ang mga tao sa kanilang lugar. Ang tingin ng marami noon, matrabaho at mahirap ang pagkakalabaw.

Nagsimula ang mag-asawa sa pagpapaalaga ng mag-inang kalabaw dahil kasalukuyan noong empleyado pa sa agriculture office si Ruena samantalang si Doc Lui naman, na isang beterinaryo, ay sa isang pribadong kumpanya. Umaabot sa limang litro ang naaaning gatas mula sa nabili nilang kalabaw at ang kita ay hinahati nila sa tagapag-alaga.

Hindi na bago sa mag-asawa ang konsepto ng paghahayupan dahil si Ruena ay babad sa mga gawaing pang-agrikultura dahil sa kanyang trabaho. Gayundin si Doc Lui na ang trabaho ay sa isang feedmill company. Malimit din silang namamahagi ng kaalaman sa mga magsasaka sa kainaman ng paghahayupan partikular na ang paggagatas kaya naman napagpasyahan nilang sila mismo ang magpakitang-gawa ng kanilang mga itinuturo.

Makalipas ang apat na taon ng pagpapaiwi, nailipat muli sa pangangalaga ng mag-asawa ang mga kalabaw. Pagkagaling sa opisina, madalas na sa farm matatagpuan si Doc Lui.




sa Caguimbal farm ay ipinoprosesong yogurt at keso dahil sa magandang kalidad nito.

Sa kasalukuyan, mayroong 40 kalabaw ang Caguimbal dairy farm at pito rito ay gatasang kalabaw at may nakagayak pang manganganak sa mga susunod na buwan. Araw-araw silang umaani ng 37-40 liro ng gatas na ipinagbibili sa halagang PHP70 kada kilo. Ang mga lalaki at mga hindi na mabuntis na kalabaw ay kanila namang ibinebenta.

"Hindi kami nalulugi sa pagbebenta ng kalabaw, kapag for culling na ang kalabaw at hindi na mabuntis, ibinebenta na namin at kung minsan ay higit pa nga sa presyo ng pagkakabili namin," ayon kay Doc Lui. Ginagawa nila ang culling and selection para maiwasan ang pagkakaroon ng mga "boarder" o mga kalabaw na nakakadagdag na lang sa operational cost ng farm kung hindi mabuntis-buntis matapos ang artificial insemination.

Tumatanggap din sina Doc Lui ng pagpapabulog sa kanilang bulugang kalabaw nang libre. Serbisyo anila ito sa mga magkakalabaw na tulad nila.

**Model farm**

Ang Caguimbal Dairy Farm ay isa na ngang modelo ng mahusay at epektibong pag-aalaga ng kalabaw. Nagbibigay ito ng dagdag na kasiyahan sa mag-asawa sa tuwing may bumibisita sa kanilang farm tulad ng mga kooperatiba at mga magsasaka mula sa iba't ibang lugar. Kamakailan lang ay kinilala ang Caguimbal Farm bilang "Outstang Dairy Buffalo Farm-Semi Commercial" ng DA-PCC noong 8th National Carabao Conference.

"Iyon 'yong isa sa mga benefits, 'yong lagi kang masaya kapag may bumibisita," anang mag-asawa. Ineengganyo rin nila ang mga bisita na pwedeng gayahin ang sistema sa kanilang farm kung nakikita nila itong makatutulong sa kani-kanilang sariling pagkakalabawan.

**Pamilyang sama-sama sa pagkakalabawan**

Kahit full-time pa rin sa kani-kanilang trabaho, nagpatuloy sina Doc Lui at Ruena sa pagkakalabaw katulong ang mga anak na sina Joseph Nathaniel, Niño Andree Louis, at Benedict Ryan. Bagama't masasabing sila ay nakaaangat sa buhay, pinalaki ng mag-asawa ang kanilang mga anak na sanay sa mga gawaing bahay kundi man ng mga gawain sa farm. Dahil dito ay kakikitaan na rin ng pagpapahalaga ang kanilang anak sa kanilang pagkakalabawan. Sa katunayan, nagresign sa trabaho ang anak na si Joseph noong 2016 para tumulong sa negosyo ng pamilya. Kalaunan ay nagkaroon na sila ng dalawang tauhan na makakasama sa pag-aalaga ng mga kalabaw.

Taong 2021 nang magdesisyon naman ang mag-asawa na magretire na at tutukan ang pagkakalabaw. Ayon sa asawang si Ruena ay malimit nang gabihin sa farm si Doc Lui.

"Hindi na niya namamalayan ang oras dahil nag-eenjoy siya ng sobra. Kung hindi niya passion ang paghahayupan, hindi naman dadami ang aming mga kalabaw," ani Ruena.

Stress reliever para sa mag-asawa ang pagbisita sa farm. Tinututukan ni Doc Lui ang pagpapabuti sa kalusugan ng mga kalabaw pati na ang kanilang nutrisyon. Patuloy siyang sumusubok ng mga improved forage upang masiguro ang nutrisyon ng mga gatasang kalabaw. Nagpapakain din sila ng mga legumbre at iba pang suplementong pakain gaya ng sapal ng taho at spent grain dahilan upang dumami ang kanilang aning gatas at tumaas ang kalidad nito.

**Wastong pangangalaga**

Ayon sa The Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative, kung saan dinadala ang kanilang mga aning gatas, maganda raw ang recovery ng kanilang aning gatas kapag pinoproseso. Ang gatas mula

**Bukod sa kanilang magagandang pamamaraan sa pagpapalaki ng kawan at negosyong paggagatasan, kabutihang-loob at magandang pakikipagkapwa-tao ang mga dahilan sa pagiging modelo ng pamilya Caguimbal sa larangan ng pagkakalabawan.**

# Tanglaw ng pag-asa sa Cagayan

NI **RONALINE CANUTE**




**Ang "lighthouse" ay tore na itinatayo sa mga baybayin o sa mga lugar na malapit sa dagat kaya't may pagtataka kung bakit nakapangalan ito sa isang kooperatiba sa Tuguegarao City, Cagayan gayong ang siyudad ay malayo sa dagat.**

Layunin ng isang "lighthouse" na magsilbing gabay sa mga marino at mandaragat bilang giya sa kanilang paglalayag. Ito, ayon kay General Manager Arthuro Tabbu, ang pinaghugutan ng inspirasyon kung bakit ipinangalan ang kanilang kooperatiba sa Lighthouse Cooperative.

Ito ay isang church-based na kooperatiba na itinatag noong Agosto 1998 ng mga miyembro ng Victory Christian Fellowship (VCF) sa Tuguegarao City. Ang pangunahing layunin ng mga tagapagtatag nito ay pangalagaan ang mga konsumer laban sa mga mapagsamantalang negosyante.

Ang mga naging unang miyembro nito ay mga estudyante dahil sa kanilang pagnanais na makatulong sa mga mag-aaral at mga kabataan at ang naging negosyo nila ay ang pagbebenta ng computer services, home furniture, at office supplies.

Sa paglipas ng panahon, mga produktong pagkain o pasalubong mula sa mga karatig rehiyon naman ang nauso at naisip ng mga namumuno noon sa koop: ano namang produkto kaya ang maiaalok ng Cagayan? Dito nila sinimulang pagplanuhan ang sariling brand ng longganisa, karne Ibanag, karabeef tapa, at tocino.

Taong 2006 naman nang magkaroon sila ng ideya na isama ang chicharong kalabaw sa kanilang mga produkto.

"Nakita namin 'yon mamang naglalako ng chicharong kalabaw at naisip namin na may market ang produktong ito. Dito kami nagsimulang magfocus sa paggawa ng chicharong kalabaw

dahil marami namang kalabaw sa Region 2," pagbabalik-tanaw ni Arthuro.

Nagsumikap silang magsaliksik, maghanap ng supplier, at gumawa ng chicharon na tinawag nilang Chicha-rabao nguni't hindi ito pumatok sa lasa ng masa. Ayon sa mga natanggap nilang feedbacks, marami ang hindi nagustuhan ang pagkain.

"Nilagyan lang daw namin ng packaging at label at ginawang mahal pero walang ipinagkaiba sa ibang uri ng chicharon," ani Arthuro.

Gayunpaman, hindi sila nawalan ng lakas ng loob na muling magsaliksik para maging patok sa panlasa ang Chicha-rabao. Nagbunga ang kanilang pagtitiyaga at nakagawa sila ng seasoning na garlic flavor. Sa ngayon, meron na ring hot and spicy at vinegar na flavors ang Chicha-rabao.

Ipinagmamalaki ni Arthuro na kilalang-kilalang produkto na ngayon ng Cagayan ang kanilang Chicha-rabao na dinadala pa sa Maynila at iba't ibang lugar bilang pasalubong. Kinikilala ito bilang "One Town, One Product" ng Tuguegarao City sa ilalim ng Department of Trade and Industry (DTI).

**Ang Chicha-rabao ay hindi gawa sa taba, na siyang ipinagkaiba nito sa chicharong karaniwang ibinebenta sa merkado. Puffy ito, tulad ng puffed cheese balls, na may malinamnam na lasa. Nutrition wise, ito ay tiyak na mas mababa sa taba at sa kolesterol dahil gawa ito sa balat ng kalabaw. Maaari itong kainin nang hindi kinakailangang isawsaw sa suka.**

SUNDAN SA SUSUNOD
NA PAHINA



Mula sa slaughter house, nililinis ang balat ng kalabaw, tinatadtad at pagkatapos ay inilulubog sa kumukulong mantika. Matapos itong mailagay sa packaging ay dadalin ito sa Lighthouse Cooperative Store.

Ani Arthuro, nangangailangan sila kada buwan ng 70,000 kilo ng balat na katumbas ng humigit-kumulang sa 2,000 ulo ng kalabaw, para sa pagproseso ng Chicha-rabao. Binibili nila ang raw material sa mga slaughterhouses at sa mga lokal na magsasaka sa halagang PHP65 kada kilo.





**"Sa totoo lang, kapag wala ang Chicha-rabao, mababa ang sales namin. Ito kasi ang nag-aattract sa mga customers namin."**

**ARTHURO TABBU**
General Manager
Lighthouse Cooperative

Sa kasalukuyan, ang Lighthouse Cooperative ay nagsisilbing pag-asa ng mga Cagayanos pagdating sa pagkakaroon ng trabaho.

"Ang tinututukan talaga namin ay kung paano makapagbigay pa ng maraming trabaho kaysa sa kung magkano ang kikitain namin. Tuwing magtatapos ang taon, sinisiguro namin na ang pinaghirapan ng aming mga empleyado ay maibabalik din sa kanila," dagdag pa niya.

Nagpapasalamat ang Lighthouse Cooperative na kahit kailan ay hindi sila napunta sa isang negatibong sitwasyon, kahit pa nga sa panahon ng pandemya. Ngayon, ang kanilang daan pasulong ay palawakin pa ang kayang marating ng kanilang serbisyo sa pamamagitan ng marami pang produkto.

> **Kung magkagayon, magpapatuloy ang katuparan ng kanilang misyong maging "lighthouse" na magsisilbing liwanag at giya para sa mga Cagayanos.**





**I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at GenePool.**

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.




## BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## PRODUCTION OF QUALITY FEEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.